# IMMACULADA

Parokya ng Immaculada Concepcion
Pto Rivas, Balanga City
Tel. No. 237-0207

Vol. 2, Isyu 2
Pebrero 2007

## Garden

Ang ating garden sa kanang panig ng simbahan ay muling pinasigla sa paningin kung saan matatagpuan ang lumang imahen ni San Pedro at San Juan Ebanghelista. Ang mga imaheng ito ay naging tahimik na saksi sa kasaysayan ng ating parokya. Mula ng ito ay mailagay sa garden, marami ang nagsasabing ito ay kanilang nakalakihan sa labas ng simbahan at kung saan naging bahagi ng kanilang kabataan.

Harinawa, magsilbi itong paalala sa ating lahat ng ating pananampalataya na minana sa mga apostol. Nararapat nating alalahanin na kasama nating ang mga apostol sa ating pananampalataya bilang saksi sa muling pagkabuhay ni Hesus, na siyang ating pinanghahawakan at pinaniniwalaan.

Sa kaliwang bahagi ng garden ay ang imahen ng Mahal na Puso ni Hesus na nakatabi lamang sa taguan. Ito man ay nararapat lamang pangalagaan sapagkat matagal na panahong ito ay nasa ating simbahan. *

## Miyerkules ng Abo

Ang unang araw ng Kuwaresma o aptnapung araw ng pagpapakasakit ay ang Miyerkules ng Abo. Sa araw na ito at hanggang Unang Linggo ng Kuwaresma, ang mga Katoliko ay nagpapalagay ng abo sa noo bilang tanda na sila'y magpapakasakit at magbabagong-buhay alang-alang sa muling pagdating ng pagdiriwang ng Paskuwa.

Ang abong binabasbasan noong narakaraang taon, sagisag na ang lahat na makalupa ay lumilipas.

Ang palaspas na dating maganda at sariwa ay tuyot na kaya dapat nang sunugin kaya sinunog at kinuha ang abo na siyang natira sa dating magandang palaspas.

Ang ibig sabihin nito ay inihahayag sa salita ng nagpapahid ng Abo: Magsisi ka sa kasalanan at sumampalataya sa Ebanghelyo. Ang ibig sabihin nito'y tinatalikdan ng Kristiyano ang anumang nakahahadlang sa pagiging tapat sa Diyos at sisikaping isabuhay ang aral ni Hesus.*

## APATNAPUNG ARAW

Sa banal na Kasulatan ang 40 ay nagsasaad ng panahon: 40 araw at gabi, 40 taon. Ipinahihiwatig ang mahaba at masusing paghahanda sa panahon o pangyayaring inaasahang darating o sa misyong isasakatuparan. Nagsasaad ito ng paghahanda sa panibagong simula.
Ngayong Kuwaresma, tayo ay nasa loob ng 40 araw ng pagpapakasakit bilang paghahanda sa dakilang araw ng pagdiriwang na muli ng Paskuwa o ng Pagkabuhay ni Jesus.Ang maka-Kristiyanong paghahanda ay pagpapakasakit na kailangan ay ang pagsusuri ng pamumuhay upang alisin ang mga ugali o gawaing hindi karapat-dapat sa alagad ni Jesus. Isa sa pinakamahirap na pagpapakasakit na nakabubuting isagawa ay ang magsikap na mabuhay ayon sa katwiran araw-araw.*

## Sto Nino Chapel, Tortugas

Enero 2l, nang ang Kapistahan ng Sto Nino ay ipagdiwang sa Tortugas. Ilang pari sa Bataan ang nanguna sa siyam na araw na pagbibigay halaga sa batang si Hesus.

Ang kapilya ay inihanda rin upang maging mas kaaya-aya sa ating pagsamba at pakikinig ng Salita ng Diyos, sa pamamagitan ng panibagong pagpapaganda sa bago nitong kulay at pintura. Loob at labas ay bagong pintura sa kabutihang loob nina Mr & Mrs Remigio at Carolina Beltran. Kaya nga't tanging papuri at pasasalamat an gating masasambit sa Poong Mahal sa pagpapadala ng mga taong may bukas na kalooban sa pagtulong sa kanilang abot-makakayanan.

Patuloy ang ating paanyaya sa mga taga-Tortugas na halinang maki-isa sa pagdiriwang ng Lingguhang Misa sa ganap na ika-6:30 ng gabi. Napakahalaga na tayo ay magtipon-tipon upang ating pagsaluhan ang pagliligtas na ginawa ng Diyos sa ating buhay. Ang kapilya ay lalong gumaganda kung ito ay puno ng mga taong sumasamba at nagpupuri sa Diyos sa lahat ng mga pagpapala na sa atin ay kaloob. Ating ipag-anyaya ang Eukaristiya, sapagkat ito ay ating buhay sa ating pananampalataya na magbibigay pag-asa sa tuwina.*

## ANG PANIBAGONG PAGPAPAHALAGA SA EUKARISTIYA

### Mga Atas na Tuntunin:

**1.** Palawakin at pag-ibayuhin ang mga programa ng paghuhubog na may kinalaman sa Banal na Misa.

**2.** Magsagawa ang Diyosesis ng programang paghuhubog sa liturhiya para sa mga pari, Extraordinary Ministers of Holy Communion, Lectors and Commentators, Music Ministers, Altar Servers, Greeters and Collectors at Barangay Chapel Council Officers.

**3.** Magkaroon ng mga Panuntunan hinggil sa mga naaangkop na pag-uugali at pagkilos sa loob ng Simbahan.

**4.** Bigyan ng paghubog ang mga magulang, mga ninong at ninang upang magampanan nila ang kanilang tungkulin bilang pangunahing katekista na ihanda ang kanilang mga anak at inaanak para sa pagtanggap ng Unang Komunyon sa gulang na pitong taon.

**5.** Magkaroon ng iisang Panuntunan sa buong Diyosesis hinggil sa halaga ng alay sa Pagdiriwang ng Banal na Misa.

**6.** Magkaroon ng iisang Panuntunan sa buong Diyosesis hinggil sa Pagdiriwang ng Sakramento ng Kasal at Paglilibing.

7. Magkaroon ng Panuntunan ukol sa mga araw-araw na Pagdiriwang ng Banal na Misa sa mga Parokya, sa labas ng simbahan at kapilya.

### Mga Atas na Gawain:

**l.** Ipaloob ang mga aral ukol sa Banal na Misa sa mga gawaing paghuhubog na mayroon na tayo tulad ng Pandayan ng Layko ng Diyosesis (PALAD).

**2.** Gawin ang paghuhubog ng mga pari sa taunang upadating.

**3.** Bibigyan lamang ng Obispo ng taunang atas na gumanap sa tungkulin sa Liturhiya ang mga Extraordinary Ministers of Holy Communion at mga Lectors matapos na sila ay dumaan sa taunang paghubog ng PALAD.

**4.** Dapat dumaan sa programang paghuhubog ng PALAD sa pangangasiwa ng director ng PALAD, ang mga bagong Extraordinary Ministers of Holy Communion at Lectors.

**5.** Pagpapangkatin sa tatlong anta sang mga Extraordinary Ministers of Holy Communion:

- **a.** Ang Tagabigay ay tumutulong sa pagbibigay ng Komunyon sa loob ng Pagdiriwang ng Banal na Misa.
- **b.** Ang Tagahatid ay Tagabigay rin na may dagdag na tungkuling maghatid ng Komunyon sa mga maysakit at nakatatanda na hindi na nakalalabas ng bahay.
- **c.** Ang Tagapamuno ay Tagabigay at Tagahatid at maaaring mamuno sa Pagdiriwang ng Salita ng Diyos na may Banal na Komunyon sa mga kapilya ng sitio at barangay.

**6.** Tiyakin na ang Pagdiriwang ng Banal na Misa para sa Pagtanggap ng Unang Komunyon ay sa loob ng Simbahan o kapilya lamang gaganapin.

**7.** Tiyakin na ang Punong Tagapagdiwang at Tagabigay ng Unang Komunyon ay pari lamang at hindi Extraordinary Ministers of Holy Communion.

**8.** Tiyakin na sa Pagtanggap ng Unang Pakikinabang ang bawat bata ay tatanggap ng Banal na Komunyon sa kanilang bibig. Mananatili ang ganitong paraan ng pagtanggap hanggang sa kanyang ikalabindalawang taong gulang.

**9.** Itala ang buong pangalan ng mga batang tumanggap ng Unang Pakikinabang sa Aklat ng Unang Komunyon. *

## LINGGO NG PAGPAPAKASAKIT NG PANGINOON

### Linggo ng Palaspas

Ang solemneng pagpasok ni Hesus sa Herusalem ay napapaloob sa nilalaman ng pagdiriwang ng Cuaresma, ang panimulang hakbang ni Kristo patungo sa kanyang pagpapakasakit at kamatayan. Pumarito siya sa lupa upang iligtas ang tao sa pagka-alipin ng kasalanan, kamatayan at kasamaan.

Ang pagbabasbas ng mga palaspas at ang prusisyon ay nagpapagunita ng matagumpay na pagpasok ni Hesus sa Herusalem. Ang layunin ng pagdiriwang na ito ay upang ipagunita sa atin kung ano ang tunay na kahulugan ng pagpapakasakit, pagkamatay, at muling pagkabuhay ni Kristo. *

## HALLELU-YAH
**(Aleluya)**

Ang "Aleluya" ay galling sa wikang Hebreo at isinulat na HALLELU-YAH, ibig sabihin, "Purihin ang Diyos". Sa Lumang Tipan, ito'y matatagpuan sa Aklat ni Tobias 13:18 at sa iba't ibang salmo. Marahil ito ang sagot ng bayan bilang antipona kapag inaawit ang salmo.

Sa Bagong Tipan ito'y matatagpuan lamang sa Aklat ng Pahayag 19:1-6. Ito'y isang awit ng tagumpay.

"Aleluya" ang napiling awit ng Simbahan upang ipahayag sa sanlibutan ang tagumpay ni Cristo laban sa kamatayan. Si Cristo'y muling nabuhay! Ito'y paulit-ulit na inaawit ng Simbahan sa panahon ng Pasko ng Pagkabuhay. Ito ang pamaskong awit ng Simbahan.

Wika ni Sn Agustin,"Sa pamamagitan ng Aleluya, ipinahayag natin ang isang panahon ng kaligayahan, panahon ng kapayapaan, at tagumpay na taglay ng mga raw sa panahon ng kapaskuhan. Subalit hindi pa natin natatamasa ang tunay na tinataglay ng papuring ito. Ating inaasam-asam ang tunay na Hallelu-Yah sa kaluwalhatian." *

**Mensahe:**
**Buwan ng mga Puso ang turing ng marami, subalit ito nawa ay maging sa loob ng buong taon bilang tanda ng ating pagsasabuhay ng pananampalataya.**

*Fr. Lides S. Pomer*